HULING PARANGAL
SA NAMAYAPANG KAIBIGAN

Ni: Atty. Romulo B. Macalintal Sa
Huling Parangal kay Ka Monico Atienza
December 8, 2007, UCCP, Edsa, Quezon City
-0-0-0-

Magandang umaga po sa inyong lahat:

Ako po ay naatasan na magbigay ng huling parangal para sa ating kaibigang—MONICO NICK ATIENZA.

Ako po ang kinatawan ng kanyang mga kaklase sa High School sa Far Eastern University mula 1960 hangang 1964 --- o mahigit apatnaput pitong taon na ang nakakaraan.

Hindi ko akalain na mahabang panahon na rin pala ang nakakaraan—at inabot pa naming ang panahong maging dual citizen din kami bago siya pumanaw. Dual citizen sapagkat bukod sa si Nick at ako ay Pilipino citizen, kami ngayon ay mga senior citizen na rin—sumapit na rin kami sa edad na animnapong taon.

Hindi naman siya maaaring maging foreign citizen sapagkat si Nick ay isang tunay na Pilipino, at mananatiling Pilipino, ngayon at magpakailan man.

Pareho kaming Batangueno ni Nick. Ako ay Graduate ng elementary sa Lipa City; samantalang si Nick ay graduate ng elementary sa Cuenca, Batangas.

Sa madaling salita, pareho kaming "promdi" nang pumasok ng high school sa FEU.

Ang aming kaklase na si Hermenigildo Garcia na ngayon ay naninirahan na sa Canada na isa sa pinakamalapit niyang kaibigan ay nag email sa akin ng kanyang masasayang sandali na kasama si Nick.

Ayon kay Hermie, si Nick ay laging ipinagmamalaki ang kanyang pinagmulang probinsiya. Bilang isang Batangenyo, laging sukbit ang kanyang "balisong" o beinte nueve; makisig magdamit kung saan ang kanyang custom-tailored pants o pantalong pasadya ay laging napapansin; at maging ang kanyang nakaputi at malinis na "converse" rubber shoes—wala pa kasing Adidas noon.

Si Nick ang valedictorian nang kami ay mag graduate ng highschool noong 1964; siya ang aming class president; at president siya ng FEU

Boys High School Student Council; naging Managing Editor din siya ng aming yearbook ng taong 1964 (SHOW COPY TO AUDIENCE).

Matapos ang high school days namin, nagkahiwa-hiwalay na ang aming mga landas dahilan sa nagkaroon na rin kami ng kani-kanilang ambisyon sa buhay. Bukod sa pagkakaroon ng ibat ibang political and ideological persuasions.

Matagal din ang panahong lumipas, at marami akong nabalitaan tungkol kay Nick na naibahagi na rin ng iba pang nagbigay pugay at parangal sa kanya ngayong umaga at nagdaang mga araw.

Nagkaroon kaming muli nang ugnayan ni Nick nang siya ay magturo sa University of the Philippines. Bago siya naratay sa karamdaman, malimit kaming mag-text sa isa't isa; at patula pa kung kami ay gumawa ng text messages.

Gayon na lamang ang gulat naming mga kaklase niya, lalo na yong nasa abroad, nang mabalitaan namin ang naging sakit ni Nick at ang kanyang confinement sa Philippine General Hospital hanggang sa ilipat na lamang siya sa kanyang apartment sa Diliman, Quezon City.

Ilang ulit din akong dumalaw sa kanya sa PGH at sa kanyang apartment kahit hindi na siya makausap.

At noong December 4, alas onse y medya ng umaga, dinalaw kong muli si Nick. Nagkita kami doon nina Ka Bert at Ka Boni.

Doon ko nalaman na para bang si Nick ay nabubuhay lamang dahilan sa meron siyang hinihintay. Napag-usapan namin na ang mga mahal niya sa buhay ay napagsabihan na at halos nagkaroon na nang pagkakataon na siya ay dalawin. Ngunit ano nga ba ang hinihintay pa ni Nick.

At doon ko napansin ang isang rosaryo na nakadikit sa ulunan ng kanyang kama. At doon ko naitanong kung siya ay namisahan na ng pari at nabigyan ng pagbabasbas.

Kung kayat kaagad kong iminungkahi kay Ka Bert at Ka Boni na tumawag ng pari at magdaos ng isang Banal Na Misa para kay Nick at mabigyan siya ng huling pagbabasbas. At ito nga ay naganap noong December 5, alas tres ng hapon.

Punong puno ng tao ang kanyang apartment na kailangang ang iba ay sa labas na makinig ng misa. Sa dami ng taong dumalo on short notice, doon natin mapagtitibay na si Nick ay maraming kaibigan, kasama, at mga taga-hanga.

At bakit hindi. Sapagkat si Nick ay ginugol ang kanyang buhay hindi para sa kanya lamang kundi upang ipagtanggol ang mga mahihirap at ang mga inaapi. Nalaman ko rin sa email ni Hermie Garcia na kasama niya si Nick na nakikipaglaban para sa karapatan ng mga Filipino "comfort women" na pinagsamantalahan ng mga hapones noong World War II; at ipinaglalaban din ang karapatan ng ilan nating mga kababayang nagta-trabaho sa Canada bilang caregivers upang makatanggap ng pantay pantay na benepisyo.

Marami at mahaba pa ang kuwento sa buhay at paki-kibaka ni Nick. Bawat isa sa atin ay naging bahagi ng kanyang buhay. At alam ko na tayong lahat ay naniniwalang ang kanyang ala-ala at pangarap sa buhay at sa mga taong kanyang minahal, inaruga at ipinaglaban, kailan man ay hindi mawawaglit sa ating mga isipan. ang mga ito

Tunay nga ang kabaitan ni Nick. Katunayan, sa mga taong hindi nakadalo sa kanyang lamay o libing, sila ay kanyang nauunawaan. Ang sabi ni Nick, sa mga hindi nakadalaw sa kanya, huwag silang mag-alala, at siya na lamang ang dadalaw sa kanila. Ganyan din po si Nick, minsan ay mapagbiro din.

Sa ngalan po ng mga kaklase ni Nick sa FEU Boys' High School, marami pong salamat sa inyong suporta at parangal para sa aming Dakilang Kaibigan – Monico M. Atienza.

At sa iyo kabayan at kaibigang Nick... hanggang sa muling pagkikita.

Bago pumanaw si Nick noong December 5, nakuha pa siyang paliguan ng kanyang mga tapat at matiyagang mga caregivers. ~~Kung kayat mas~~ Katunayan lamang ito ng pagnanais ni Nick na maging malinis ang kanyang katawang physical at katawang spiritual sa pagharap niya sa Poong Maykapal.